



دار زايد للثقافة الإسلامية  
Zayed House For Islamic Culture



تعليم اللغة العربية للناطقين بغيرها  
teaching Arabic to Speakers of Other Languages

**Programa sa Pagtuturo ng Wikang Arabico sa mga  
hindi Katutubong Arabo**

اللغة الفليبية





## Katayuan at Kahalagahan ng Wikang Arabic

Tinatamasa ng wikang Arabic ang matayog na antas kung ihahalintulad sa iba pang lingwahe. Sapagkat sa pamamagitan ng wikang Arabic, inihayag ng Allah ang banal na Koran, sinabi ng Allah:[Katotohanang Aming inihayag ang banal na Koran sa wikang Arabic.] Yusuf ٧.

Dito makikita ang kahalagan at katayuan ng wikang Arabic, sapagkat ito ang nag-uugnay at bumubuklod sa nasyong Islamiko. Daan-daang milyong mga muslim sa buong mundo ang tumatangkilik sa lingwuheng ito bilang tanda ng kanilang relihiyon, at siya ring wikang ginagamit ng milyun-milyong mga Arabo. Ang wikang Arabic ay isa sa mga kadahilanan ng pagbangong muli ng kabihasan, dahil sa pamamagitan ng wikang ito naipaabot ang maraming kaalaman at kaisipan sa paglipas ng panahon, na siyang humubog sa kultura at pamumuhay ng sangkatauhan.

Bilang pagsasaalang-alang sa katayuan ng nasyon ng mga Arabo sa buong mundo, at mga kadahilananang natatangi sa bansang ito [UAE] na nagpasigla at naghikayat tungo sa sibilisadong ugnayan sa pagitan ng iba't-ibang nasyonalidad, katotohanang binigyan-tuon ng iba't-ibang lahing naninirahan sa bansang ito ang pakikisama at pakikisalamuha sa kulturang-Arabo sa pamamagitan ng pag-aaral sa wikang Arabic. Ang mga kadahilananang ito ang nagtulak sa Zayed House for Islamic Culture na magtatag ng programang akademiko sa pagtuturo ng wikang Arabic. Ito ay pagtupad sa obligasyon ng tanggapan bilang pangunahing ahensya sa pagpapaliwanag sa kagandahan ng Kulturang Islamiko, na kung saan ang wikang Arabic ay mahalagang bahagi rito.

Ang ZHIC ay nagdisenyo ng programang pang-edukasyon na may kalidad at sumusunod sa pamantayan ng kasanayan sa wika. Layunin ng programang ito na pagsilbihan ang mga bagong-yakap sa Islam na naka-enroll rin sa iba pang programa ng tanggapan at silang mga hindi muslim na interasadong matutunan ang kulturang Islamiko, gayundin ang mga opisyal na delegasyon na panauhin ng bansa.

### Layunin ng Programa:

- Ipakilala ang kagandahan ng kulturang Islamiko at patatagin ito sa puso ng mga bagong-yakap sa Islam na naka-enroll sa programa sa pagtuturo ng wikang Arabic sa mga hindi katutubong Arabo.
- Pagtuturo ng wikang Arabic sa mga hindi Arabo na nagnanais na matutunan ito at magamit sa pang araw-araw na kalakaran na naaayon sa pamantayang akademiko.
- Pagpapalaganap sa kultura ng pakikisalamuha sa kapwa at pamumuhay na



magkakasama sa loob ng bansang UAE magkaiba man ang kani-kanilang mga lahi, sa pamamagitan ng bukas na kaisipan sa pagkikipag-ugnayan at pagpapalitan ng kaalaman sa silang mga katutubong Arabo.

- Buhayin ang paggamit ng wikang Arabic sa kasalukuyan at pang-araw-araw na buhay at pangangalaga sa katayuan nito bilang tanda ng ating sibilisasyon, at bilang saligan ng pagkakakilanlang pambansa, Islamiko at Arabo.

### **Nilalaman ng Programa:**

1- Pagtuturo ng mga pangunahing elemento ng wikang Arabic sa pamamagitan ng pagkilala sa mga titik, panuntunan at salita.

2- Pagsasanay sa mag-aaral gamit ang sistema ng tunog/audio ng wikang Arabic upang maunawaan, makalikha at makilala ang mga elemento at istruktura ng wika.

3- Pagsasanay sa mag-aaral upang magkaroon ng kakayahang magbasa at magsulat sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pag-aaral.

4- Pagsasanay sa mag-aaral na basahin at maunawaan ang iba't-ibang uri ng kaisipan at kulturang Islamiko.

5- Pagsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng mga salita at kaisipan na kanilang mapapakinabangan sa trabaho at pang-araw-araw na buhay.

6- Paggamit ng mga makabagong kagamitang-teknikal at pamamaraan ng pagtuturo.

### **Haba ng Programa:**

Ang programa sa pagtuturo ng wikang Arabic para sa mga di-katutubong Arabo ay ipinapatupad ayon sa nakatakdang haba nito na aabot sa 80 oras, nakabahagi ito ng 4 na oras sa loob ng 2 araw kada linggo.

### **Paraan ng Pagrehistro:**

Ang pag-rerehistro ay maisasagawa sa pamamagitan ng sumusunod:

- Sa customer service ng main office ng Alain o sa mga sangay nito sa Abu Dhabi at Ajman
- Pagbisita sa ZHIC website ([www.zhic.ae](http://www.zhic.ae))
- Paggamit ng Smart Pass

### **Kinakailangang dokumento:**

- Valid UAE ID card





دار زايد للثقافة الإسلامية  
Zayed House For Islamic Culture



zhic.uae @zhic\_uae zhic\_uae zhic

800 555  اتصل على  
JUST CALL

PO Box: 16090, Al Ain, U.A.E  
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

رؤيتنا : مؤسسة رائدة في التعريف بجوهر الثقافة الإسلامية واستيعاب المهتمين الجدد

A leading organization dedicated to present the essence of the Islamic culture and assimilating new muslims into the society